



Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang mga bilang ay bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. Kapag pumunta ka sa palengke, kailangan mong malaman ang kabuuang bilang ng iyong ipinamili. Kapag sumakay ka ng bus, kailangan mong malaman kung magkano ang iyong magiging sukli para sa ibinayad mong dalawampung piso. Sa bahay, kailangan mong malaman kung ilang tasa ng tubig ang kailangan sa pagluluto sa bawat paketeng *noodles*.

Matututuhan mo sa modyul na ito ang tungkol sa panimulang matematika, lalung-lalo na ang pagdaragdag at pagbabawas. Matututuhan mo kung paano ang mga simpleng pamamaraang ito ay angkop sa pang-araw-araw na mga gawain.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

Aralin 1—*Ang Sistema ng Place-Value Numeration*

Aralin 2—*Ang Pagdaragdag sa Pang-araw-araw na Buhay*

Aralin 3—*Ang Pagbabawas sa Pang-araw-araw na Buhay*



Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito maaari mo nang:

- ◆ makilala ang mga bilang;
- ◆ mapag-iba-iba ang tambilang (*digit*) at ang bilang;
- ◆ matukoy ang *place-value* ng isang tambilang sa ibinigay na bilang;
- ◆ maisagawa ang pagdaragdag ng mga buong bilang nang hanggang tatlong tambilang;
- ◆ maisagawa ang pagbabawas ng mga buong bilang nang hanggang tatlong tambilang; at
- ◆ magamit ang kaalaman tungkol sa pagdaragdag at pagbabawas upang malutas ang pang-araw-araw na mga suliranin.



Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago pag-aralan ang modyul na ito, sagutin ang sumusunod na pagsusulit upang malaman ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

- _____ 1. Ilang tambilang mayroon ang bilang na 3456?
- 2
 - 3
 - 4
 - 5
- _____ 2. Ano ang halaga ng tambilang na 5 sa bilang na 546?
- 5 tig-iisa o lima
 - 5 tig-sasampu o limampu
 - 5 tig-iisang daan o limang daan
 - 5 tig-iisang libo o limang libo
- _____ 3. Sa aling bilang may pinakamataas na halaga ang 8?
- 8 na tig-iisa
 - 8 tig-sasampu
 - 8 tig-iisang daan
 - 8 tig-iisang libo
- _____ 4. Ano ang halaga ng lima na dinagdagan ng apat?
- apat
 - lima
 - siyam
 - apatnapu't lima
- _____ 5. Ano ang kabuuan ng 15 at 8?
- 16
 - 20
 - 23
 - 30

- 6. Sina Jessie at Jamie ay sumakay ng bus. Ang pamasaha ni Jessie ay 9 na piso, samantalang 18 piso naman ang pamasaha ni Jamie. Magkano ang kabuuan ng babayaran nilang dalawa?
- a. 24 na piso
 - b. 25 piso
 - c. 26 na piso
 - d. 27 piso
- 7. Nais bumili ng prutas ni Aling Mila para sa kanyang mga anak. Binabalak niyang bumili ng 5 dalandan, 7 mansanas at 9 na mangga. Ilan ang kabuuan ng prutas na bibilhin niya?
- a. 21 prutas
 - b. 57 prutas
 - c. 59 na prutas
 - d. 79 na prutas
- 8. Ano ang 9 na binawasan ng 2?
- a. 11
 - b. 7
 - c. 29
 - d. 92
- 9. Mayroong 17 aklat ng mga kuwento sa silid-aklatan. Kung may humiram ng 8 aklat ng mga kuwento, ilan ang matitira?
- a. 10
 - b. 9
 - c. 8
 - d. 7
- 10. Bumili si Mang Raul ng 12 kaban ng bigas. Ibinigay niya ang 5 kaban sa kanyang kapatid na babae, 4 na kaban sa kanyang kapatid na lalake at 3 kaban sa kanyang kapitbahay. Ilang kaban ng bigas ang natira?
- a. 5
 - b. 4
 - c. 3
 - d. 0

Kumusta ang iyong pagsagot? Sa palagay mo ba'y nakapasa ka? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.

Kung tamang lahat ang iyong sagot, napakahusay! Nagpapakita ito na marami ka nang nalalaman ukol sa mga paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul para pagbalik-aralan ang iyong mga nalalaman. Titiyakin ng modyul na ito na maraming bagay pa ang iyong matututuhan.

Kung mababa ang iyong nakuhang iskor, huwag kang malungkot. Nangangahulugan ito na ang modyul na ito ay inilaan para sa iyo. Matutulungan ka nitong maunawaan ang ilang mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang mga sagot sa pagsusulit at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari mo nang buksan sa susunod na pahina para sa pagsisimula ng Aralin 1.

Ang Sistema ng *Place-Value Numeration*

Mga bilang, mga bilang, mga bilang . . . Ang mga ito ay makikita kahit saan. Ginagamit mo ang mga ito kung hihingi ka ng sukli. Ginagamit mo ang mga ito kapag ikaw ay nasa palengke. Ginagamit mo rin ang mga ito sa bahay at sa trabaho.

Kapag nakakakita ka ng bilang, alam mo ba ang halaga ng bawat tambilang na nasa bilang? Halimbawa, alam mo ba ang halaga ng tambilang na 6 sa bilang na 46? Ano naman ang halaga ng tambilang na 9 sa bilang na 967 ?

Sa araling ito ay matututuhan mo ang tungkol sa sistema ng *place-value numeration*. Matututuhan mo rin ang halaga ng bawat digit sa ibinigay na bilang. Ito ay isang napakahalagang kaisipang dapat matutuhan bago pag-aralan ang pagdaragdag at ang pagbabawas.

Matapos pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang:

- ◆ matukoy ang kaibahan ng tambilang at ng bilang; at
- ◆ makilala ang halaga ng tambilang sa isang ibinigay na bilang.



Subukan Natin Ito


Maaaring nagtataka ka kung ano ang pagkakaiba ng tambilang at ng bilang.

Ang *tambilang* ay bahagi lamang ng isang bilang. Maaaring magkaroon ng tatlong-tambilang na bilang, gaya ng 245. Ang mga tambilang ng bilang na 245 ay 2, 4 at 5. Ang *bilang*, sa kabilang dako, ay ang kabuuang representasyon kung gaano o kung magkano ang tinataglay ng isang bagay. Ito ay binubuo ng isa o higit pang mga tambilang.

Subukang gawin ang sumusunod na mga pagsasanay.

1. Ilang tambilang mayroon ang bilang na 12345? _____
2. Ano ang mga tambilang ng 678? _____, _____ at _____


Kung ang sagot mo sa unang tanong ay 5, tama ka! Kung ang sagot mo sa ikalawang tanong ay 6, 7 at 8, tama ka rin!



Alamin Natin

Basahin ang sumusunod:

Nakakita si Mang Lino ng isang kahon ng mansanas sa tindahan. Ang isang kahon ay naglalaman ng 6 na mansanas. Kung bibili si Mang Lino ng 10 kahon, magkakaroon siya ng 60 mansanas. Kung



100 kahon naman ang bibilhin niya, magkakaroon siya ng 600 mansanas. Sa 1000 kahong bibilhin niya, magkakaroon siya ng 6000 mansanas! Napakaraming mansanas nito!

Sa binasang halimbawa sa itaas, ang tambilang na 6 ay ginamit nang maraming ulit. Ang digit na 6 ay may iba't ibang halaga sa pagkakagamit nito.

Ang halaga ng isang tambilang sa bilang ay nakasalalay sa lugar nito sa bilang. Tingnan ang sumusunod na tsart.

	Libo			Yunit		
	Tig-iisang Daang Libo	Tig-sasampung Libo	Tig-iisang Libo	Tig-iisang daan	Tig-sasampu	Tig-iisa
(a)						6
(b)					6	0
(c)				6	0	0
(d)			6	0	0	0

Ipinakikita ng tsart ang dalawang yugto: ang mga yunit at ang libo.

Tingnan nating mabuti ang bawat lugar.

Sa hanay (a), ang tambilang na 6 ay nasa lugar ng tig-iisa kung kaya, ang halaga nito ay 6 na tig-iisa o 6.

Sa hanay (b), ang tambilang na 6 ay nasa lugar ng tig-sasampu kung kaya, ang halaga nito ay 6 na tig-sasampu o 60.

Sa hanay (c), ang tambilang na 6 ay nasa lugar ng tig-iisang daan kaya, ang halaga nito ay 6 na tig-isang daan o 600.

Sa hanay (d), ang tambilang na 6 ay nasa lugar ng tig-iisang libo sa yugto ng libo kung kaya, ang halaga nito ay 6 na tig-iisang libo o 6000.

Tingnan ang tsart na ito:

Libo			Yunit		
Tig-iisang Daang Libo	Tig-sasampung Libo	Tig-iisang-Libo	Tig-iisang daan	Tig-sasampu	Tig-iisa
7	0	5	3	0	0

Ang halaga ng isang tambilang ay nakasalalay sa lugar nito sa bilang. Ang halaga ng 6 sa bahaging libo ay naiiba mula sa halaga ng 6 sa bahagi ng yunit. Dahil dito, ang paraan ng pagsulat ng mga bilang na ito ay tinatawag na *place-value numeration*.

Alamin natin kung paano nakuha ang halaga ng tambilang sa pamamagitan ng paggamit ng tsart ng place-value.

- ◆ $7 \times 100000 = 700000$
- ◆ $5 \times 1000 = 5000$
- ◆ $3 \times 100 = 300$

Ang mga zero sa mga bahagi ng libo at mga bahagi ng yunit ay ginagamit bilang batayan ng lugar ngunit ang mga ito ay hindi binabasa at walang halaga.

Sa pinahabang anyo, ang 705, 300 ay katumbas ng:

$$700000 + 5000 + 300$$

o kaya'y $(7 \times 100000) + (5 \times 1000) + (3 \times 100)$

Mapapansin na ang halaga ng bawat digit ay katumbas ng digit na pinarami sa *place-value* nito.

Kapag binabasa ang mga bilang, bawat bahagi ay binabasa nang isa-isa. Ang pagbabasa ay nagsisimula sa kaliwa. Kaya, ang bilang sa tsart sa itaas ay binabasa bilang pitong daan at limanlibo, tatlong daan.

Sa kahit anong bilang, ang isang tambilang ay sampung beses ang higit kaysa sa tambilang na nasa kanan nito. Kaya, sa bilang na 3333, ang 3000 ay sampung beses ang higit kaysa 300; ang 300 ay sampung beses ang higit kaysa 30; at ang 30 ay sampung beses ang higit kaysa 3.



Subukan Natin Ito

Pag-aralan ang sumusunod na mga pares ng bilang. Sa aling bilang sa bawat pares may mas higit na halaga ang 9? Lagyan ng tsek (4) ang patlang. Maaari mo itong isulat sa pigura upang matulungan kang magawa ito.

- | | |
|------------------------------|---------------------------|
| a. ___ 9 na tig-iisang daan | ___ 90 na tig-iisa |
| b. ___ 90 na tig-iisang daan | ___ 90 na tig-iisang libo |
| c. ___ 9 na tig-iisang daan | ___ 9 na tig-iisang libo |
| d. ___ 9 na tig-sasampu | ___ 900 na tig-iisa |
| e. ___ 90 na tig-iisa | ___ 90 na tig-iisang daan |

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

1. Sabihin kung ilang tambilang mayroon ang bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa patlang. Pagkatapos, isulat ang mga tambilang ng bawat bilang sa kahon.

___ a. 267

___ b. 765432

___ c. 3198

2. Ano ang halaga ng tambilang na 2 sa sumusunod na mga bilang? Isulat ang iyong sagot sa patlang.

a. 12 567 _____

b. 425 _____

c. 8 902 _____

d. 289 540 _____

e. 87 214 _____

3. Tingnan ang bawat pares ng mga bilang sa ibaba. Sa bawat pares, lagyan ng tsek (4) ang patlang na kung saan ang digit na 4 ay may mas malaking halaga. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

- a. ___ 245 4 425
b. ___ 4 356 ___ 3 456
c. ___ 42 ___ 24
d. ___ 4 297 ___ 9 247

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 45 at 46.



Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang mga sumusunod:

- ◆ Ang *place-value* ay ang halagang ibinibigay sa isang tambilang ayon sa lugar na kinalalagyan nito sa sistema ng place-value numeration.
- ◆ Ang tambilang ay bahagi ng isang bilang, na nasa gitna ng 0 at 9.
- ◆ Ang halaga ng bawat tambilang ay katumbas ng halaga ng tambilang na pinarami sa place-value nito.
- ◆ Ang mga zero ay batayan ng lugar o ang kumakatawan sa isang lugar ngunit ang mga ito ay hindi binabasa at walang halaga.

Ang Pagdaragdag sa Pang-araw-araw na Buhay

Kung ikaw ay may limang pirasong papel at ang iyong kaibigan ay mayroong tatlo, ilang piraso ng papel ang taglay ninyong dalawa?


Kung ikaw ay pupunta sa palengke at bibili ng apat na dalanghita at tatlong mansanas, ilang prutas ang mabibili mo?

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga tanong na nagpapakita kung paano ang mga bilang ay bahagi ng pang-araw-araw nating buhay. Ang dalawang tanong ay gumagamit ng payak na matematikal na pamamaraan (*basic mathematical operation*)—ang pagdaragdag (*addition*).

Sa araling ito, matututuhan mo ang pagdaragdag ng mga bilang na may tatlong tambilang. Matututuhan mo rin kung paano ginagamit ang pagdaragdag sa pang-araw-araw na buhay.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang:


- ◆ maisagawa ang pagdaragdag ng buong bilang hanggang sa tatlong tambilang; at
- ◆ magamit ang iyong kaalaman sa pagdaragdag upang malutas ang pang-araw-araw na mga suliranin.



Alamin Natin

Alamin natin kung paano ipagdaragdag ang dalawa hanggang tatlong tambilang na mga bilang nang hindi papangkatin.

Si Gng. Leonida ay may tatlong piraso ng lupa na may mga gulay. Umani siya ng 32 karot mula sa isang pirasong lupa. Nakakuha siya ng 31 patatas mula sa isa pang piraso ng lupa. Mula sa ikatlong piraso ng lupa, nakakuha siya ng 24 na kalabasa. Nais malaman ni Gng. Leonida kung ilang lahat ang inani niyang gulay.



Narito ang paraan kung paano niya ito nakuha. Pinagsama-sama niya ang mga bilang ng mga inaning gulay na ginagamit ng pinahabang anyo.

$$\begin{array}{l} \text{mga } addend \left\{ \begin{array}{l} 32 = 30 + 2 \\ 31 = 30 + 1 \\ 24 = 20 + 4 \\ \hline 80 + 7 \end{array} \right. \\ \text{kabuuan} \longrightarrow = 87 \end{array}$$

Narito pa ang isang halimbawa. Ano ang kabuuan ng 250 at 136?

$$\begin{array}{l} \text{mga } addend \left\{ \begin{array}{l} 250 = 200 + 50 + 0 \\ 136 = 100 + 30 + 6 \\ \hline = 300 + 80 + 6 = 386 \end{array} \right. \\ \text{kabuuan} \longrightarrow = 386 \end{array}$$

Mapapansin na sa pagdaragdag, ang bilang na idadagdag ay tinatawag na *addend*. Ang sagot ay tinatawag na *kabuuan*.

Mapapansin ding sa pagdaragdag sa pinahabang anyo, ang mga addend ay hinahati sa halaga ng bawat tambilang bago isagawa ang pagdaragdag.



Subukan Natin Ito


Hanapin ang kabuuan ng mga sumusunod na ginagamit ang pinahabang anyo. Ipakita ang iyong solusyon sa kahon.

$$\begin{array}{r} 1. \quad 24 \\ \quad + 25 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 2. \quad 143 \\ + 156 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 3. \quad 512 \\ \quad 221 \\ + 135 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.



Alamin Natin

Mayroon pang isang paraan sa pagkuha ng kabuuan ng mga inaning gulay ni Gng. Leonida. Ang maiksing pamamaraan ay ginamit ng kanyang asawa na si G. Galeon.

$$\begin{array}{r} 32 \\ 31 \\ + 24 \\ \hline \end{array}$$

Unang Hakbang	Ikalawang Hakbang	Ikatlong Hakbang
Isulat ang mga addend sa anyong nakahanay.	Ipagdagdag ang tig-iisa.	Ipagdagdag ang tig-sasampu.
$\begin{array}{r} 32 \\ 31 \\ + 24 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} 32 \\ 31 \\ + 24 \\ \hline 7 \end{array}$	$\begin{array}{r} 32 \\ 31 \\ + 24 \\ \hline 87 \end{array}$

Kunin ding halimbawa ang tatlong-tambalang na mga addend. Hanapin ang kabuuan ng 250 at 136.

Hakbang 1	Hakbang 2	Hakbang 3	Hakbang 4
Isulat ang mga addend sa anyong nakahanay.	Ipagdagdag ang tig-iisa.	Ipagdagdag ang tig-sasampu.	Ipagdagdag ang tig-iisang daan.
$\begin{array}{r} 250 \\ + 136 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} \downarrow \\ 250 \\ + 136 \\ \hline 6 \end{array}$	$\begin{array}{r} \downarrow \\ 250 \\ + 136 \\ \hline 86 \end{array}$	$\begin{array}{r} \downarrow \\ 250 \\ + 136 \\ \hline 386 \end{array}$

Ang kabuuan ng 250 at 136 ay 386.



Subukan Natin Ito

Hanapin ang kabuuan ng mga sumusunod na ginagamit ang maikling pamamaraan. Ipakita ang iyong solusyon sa kahon. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

Solusyon:

a.
$$\begin{array}{r} 33 \\ + 95 \\ \hline \end{array}$$

$\begin{array}{r} 33 \\ + 95 \\ \hline 128 \end{array}$


b.
$$\begin{array}{r} 247 \\ + 532 \\ \hline \end{array}$$

--

c.
$$\begin{array}{r} 42 \\ 33 \\ + 84 \\ \hline \end{array}$$

--

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.




Alamin Natin

Napansin mo ba na kapwa sina Gng. Leonida at G. Galeon ay nakuha ang parehong sagot kahit na sila ay gumamit ng magkaibang mga pamamaraan. Si Gng. Leonida ay gumamit ng pinahabang anyo at si G. Galeon ay gumamit ng maikling pamamaraan.

Ngayon, alamin naman natin kung paano ang pagdaragdag ng dalawa hanggang tatlong-tambilang na mga addend na mayroong pagpapangkat.

Ang kahon ni Angela ng mga balutan ay naglalaman ng 95 balutan. Ang ikalawang kahon niya ay may 98 balutan. Upang malaman kung ilang balutan lahat mayroon siya, ipagdagdag natin ang mga ito na ginagamit ang pinahabang anyo.



Mga Hakbang

$$\begin{array}{r}
 95 = 90 + 5 \\
 + 98 = +90 + 8 \\
 \hline
 = 180 + 13 \\
 = 100 + 80 + 10 + 3 \\
 = 100 + (80 + 10) + 3 \\
 = 100 + 90 + 3 \\
 = 193
 \end{array}$$

1. Isulat ang mga addend na nakahanay.
2. Isulat ang pinahabang anyo ng mga addend.
3. Kunin muna ang kabuuan ng tig-iisa pagkatapos ay ng tig-sasampu.
4. Pagpangkatin ang kabuuan.
5. Pagsamahin ang tig-sasampu.
6. Ipagdagdag ang lahat ng kabuuan ng tig-iisang daan, tig-sasampu at tig-iisa.

Si Angela ay mayroong 193 balutan sa kanyang dalawang kahon.

Narito naman ang isa pang halimbawa na ginagamit ang tatlong-tambilang na *addends* na mayroong pagpapangkat. Hanapin ang kabuuan ng 478 at 735.

$$\begin{aligned}
 478 &= 400 + 70 + 8 \\
 +735 &= +700 + 30 + 5 \\
 \hline
 &= 1100 + 100 + 13 \\
 &= 1000 + 100 + 100 + 10 + 3 \\
 &= 1000 + (100 + 100) + 10 + 3 \\
 &= 1000 + 200 + 10 + 3 \\
 &= 1213
 \end{aligned}$$

Mga Hakbang

1. Isulat ang mga addends na nakahanay.
2. Isulat ang pinahabang anyo ng mga addend.
3. Ipagdagdag ang tig-iisa kasunod ang tig-sasampu pagkatapos ay ang tig-iisang daan.
4. Pagpangkatin ang kabuuan.
5. Pagsamahin ang tig-iisang daan.
6. Ipagdagdag lahat ang kabuuan ng tig-iisang daan, tig-sasampu at tig-iisa.



Subukan Natin Ito

Hanapin ang kabuuan ng mga sumusunod na ginagamit ang pinahabang anyo. Ipakita ang iyong solusyon sa kahon. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

Solusyon:

$$\begin{array}{r}
 1. \quad 25 \\
 + 78 \\
 \hline
 \end{array}$$


$$\begin{aligned}
 25 &= 20 + 5 \\
 +78 &= 70 + 8 \\
 \hline
 &= 90 + 13 \\
 &= 90 + 10 + 3 \\
 &= (90 + 10) + 3 \\
 &= 103
 \end{aligned}$$

$$\begin{array}{r}
 2. \quad 93 \\
 + 68 \\
 \hline
 \end{array}$$

Sagot:

$$\begin{array}{r} 3. \quad 856 \\ + 379 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.



Alamin Natin

Ngayon, alamin natin kung paano magdagdag na may pagpapangkat na gamit ang maikling pamamaraan. Gamitin natin ang parehong problema na inihalimbawa sa pahina 14.

Hakbang 1	Hakbang 2	Hakbang 3
Isulat ang mga addend na nakahanay.	Ipagdagdag ang tig-iisa. Ipangkat ang 1 sa lugar ng tig-sasampu.	Ipagdagdag ang tig-sasampu.
$\begin{array}{r} 95 \\ + 98 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} \overset{1}{9}5 \\ + 98 \\ \hline 3 \end{array}$	$\begin{array}{r} \overset{1}{9}5 \\ + 98 \\ \hline 193 \leftarrow \text{kabuuan} \end{array}$

Gawin naman ang sumusunod na halimbawa na may tatlong-tambalang na addends at may pagpapangkat na gamit ang maikling pamamaraan. Hanapin ang kabuuan ng 478 at 735.

Hakbang 1	Hakbang 2	Hakbang 3	Hakbang 4
Isulat ang mga addend na nakahanay.	Ipagdagdag ang tig-iisa. Ipangkat ang 1 sa lugar ng tig-sasampu.	Ipagdagdag ang tig-sasampu. Ipangkat ang 1 sa lugar ng tig-iisang daan.	Ipagdagdag ang tig-iisang daan.
$\begin{array}{r} 478 \\ + 735 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} \overset{1}{4}78 \\ + 735 \\ \hline 3 \end{array}$	$\begin{array}{r} \overset{11}{4}78 \\ + 735 \\ \hline 13 \end{array}$	$\begin{array}{r} \overset{11}{4}78 \\ + 735 \\ \hline 1213 \leftarrow \text{kabuuan} \end{array}$

Pansinin na nakakuha tayo ng parehong sagot kahit na gumamit tayo ng dalawang magkaibang pamamaraan. Karaniwan, ang pinaigsing pamamaraan ay ginagamit sa paggawa ng pagdaragdag sa ating pang-araw-araw na buhay.



Subukan Natin Ito

Hanapin ang kabuuan ng mga sumusunod gamit ang pinaigsing pamamaraan. Ang una ay ginawa para sa iyo.

$$\begin{array}{r} 1. \quad 347 \\ + \quad 65 \\ \hline 412 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 2. \quad 329 \\ \quad \quad 28 \\ + \quad \quad 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 3. \quad 85 \\ \quad \quad 750 \\ + \quad \quad 35 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot doon sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.



Sagutan Natin Ito

Ngayon, sagutan natin ang mga sumusunod na problema gamit ang pinaigsing pamamaraan. Ipakita ang iyong mga sagot.

1. Si Aling Lita ay nagpunta sa palengke at bumili ng itlog. Bumili siya ng 34 na puting itlog, 17 itlog na maalat at 56 na itlog ng pugo. Gaano karaming itlog ang binili niya?

2. Si Mang Lino ay bumili ng ilang gamit sa paaralan para sa kanyang mga anak. Nagbayad siya ng ₱356 para sa aklat, ₱128 para sa mga kwaderno, at ₱25 para sa mga lapis at bolpen. Magkanong lahat ang ginugol niya?

3. Si Ariel ay nakaipon ng 472 holen. Nang sumunod na araw, binigyan siya ni Becky ng 88 holen bilang regalo. Nang sumunod pang araw, binigyan naman siya ni Norman ng 122 holen. Ilang holen lahat ang mayroon si Ariel ngayon?

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

1. Sagutin ang a at b na gamit ang pinahabang anyo. Sagutin naman ang c at d na gamit ang maikling pamamaraan.

Solusyon:

$$\begin{array}{r} \text{a. } 45 \\ + 67 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{b. } 189 \\ + 246 \\ \hline \end{array}$$

Solusyon:


$$\begin{array}{r} \text{c. } 467 \\ 78 \\ + 23 \\ \hline \end{array}$$

Solusyon:

$$\begin{array}{r} \text{d. } 45 \\ 258 \\ + 35 \\ \hline \end{array}$$

Solusyon:

2. Sagutin ang mga sumusunod. Ipakita ang iyong solusyon.
- a. Si Endoy ay naghahanda ng mga bote para sa pagreresiklo. Nalinis na niya ang 67 bote, 34 na kulay-berdeng bote at 25 kulay-tsokolateng bote. Ilang bote lahat ang nasa kanya?



- b. Nangolekta si Cristina ng iba't ibang uri ng aklat para sa mga batang kalye sa kanilang pamayanan. Nakakuha siya ng 52 aklat ng mga kuwento, 18 aklat sa matematika at 24 na aklat sa agham. Ilang lahat ang aklat na nakolekta niya?



Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.



Tandaan Natin

- ◆ Ang pagdaragdag ay maaaring gawin sa dalawang pamamaraan: ang pinahabang anyo at ang maikling pamamaraan.
- ◆ Sa pinahabang anyo, ang mga *addend* ay hinahati-hati sa mga halaga ng bawat tambilang bago isagawa ang pagdaragdag.
- ◆ Sa maikling anyo, ang mga addend ay kailangang isulat nang nakahanay bago isagawa ang pagdaragdag. Para sa tatlong-tambilang na mga addend, unang ipagdaragdag ang tig-iisa, isusunod ang tig-sasampu at pagkatapos ay ang tig-iisang daan.

Ang Pagbabawas sa Pang-araw-araw na Buhay

Kung bumili ka ng pitong mansanas at ibinigay mo ang tatlo sa iyong mga kaibigan, ilang mansanas ang natira? Kung mayroon kang labindalawang itlog at niluto mo ang lima sa mga ito, ilan ang hindi nalutong itlog?

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang tungkol sa pagdaragdag. Mayroon pang isang batayang matematikal na pamamaraan na ginagamit natin sa tuwina. Ito ay ang pagbabawas (*subtraction*).

Sa araling ito, matututuhan mo ang pagbabawas ng mga bilang hanggang sa tatlong tambilang. Matututuhan mo rin kung paano magagamit ang pagbabawas sa pang-araw-araw na buhay.

Pagkatapos ng araling ito, maaari mo nang:

- ◆ maisagawa ang pagbabawas ng buong bilang hanggang sa tatlong tambilang; at
- ◆ magamit ang iyong kaalaman sa pagbabawas upang malutas ang pang-araw-araw na mga suliranin.



Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon.



Ipinakikita ng larawan ang isang babae na nagpupuno ng 15 baso ng *orange juice*. Nakapagpuno na siya ng 8 baso. Ilan pang mga baso ang dapat niyang punuin?

Maaari mo itong isulat nang ganito: $8 + \square = 15$. Isinulat mo ba ang 7 sa kahon? Iyan ay tama! Dapat na punuin ng babae ang 7 pang baso.

Subalit, maaari mo ring isipin ito bilang isang problema sa pagbabawas. Sagutin ang tanong na ito: Ilang baso ang hindi pa napupuno?

Ang pagbabawas ay $15 - 8 = \square$.

Kung gayon:

Sa pagbabawas,

Sa pagdaragdag,

$$15 - 8 = \boxed{7}$$

$$\begin{array}{r} 15 \\ - 8 \\ \hline \boxed{7} \end{array}$$

$$\boxed{7} + 8 = 15$$

Maaari mo bang isulat sa patlang ang ekwasyon ng pagbabawas ng mga sumusunod? Pagkatapos, isulat ang sagot sa kahon. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

1. $\boxed{4} + 5 = 9$ $9 - 5 = 4$ 3. $\square + 3 = 8$ _____
 2. $\square + 6 = 15$ _____ 4. $\square + 4 = 12$ _____

Pansinin na kapag ang ibinigay na kabuuan ay ibinawas mula sa binigay na addend, ang nawawalang addend ang sagot sa ekwasyon ng pagbabawas.

Maaari mong iwasto ang pagbabawas na ginagamit ang pagdaragdag.

1. $9 - 5 = 4$ Upang iwasto, ipagdagdag: $4 + 5 = 9$
 2. $15 - 6 = 9$ Upang iwasto, ipagdagdag: $9 + 6 = 15$
 3. $33 - 13 = 20$ Upang iwasto, ipagdagdag: $20 + 13 = 33$
 4. $56 - 24 = 32$ Upang iwasto, ipagdagdag: $32 + 24 = 56$



Subukan Natin Ito

Isulat sa patlang ang ekwasyon ng pagbabawas. Pagkatapos, isulat ang sa kahon ang nawawalang addend.

1. $\square + 7 = 13$ _____
 2. $\square + 2 = 11$ _____


3. $\square + 8 = 17$ _____

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sumusunod:

1. $\square + 7 = 13$; $13 - 7 = 6$

2. $\square + 2 = 11$; $11 - 2 = 9$

3. $\square + 8 = 17$; $17 - 8 = 9$



Alamin Natin

Pagbabawas ng mga Bilang Nang Walang Pagpapangkat

Si Rudy ay nakapagbili ng 52 pahayagan noong Sabado. Nang sumunod na araw, nakapagbili siya ng 98 na pahayagan. Gaano karaming pahayagan ang naipagbili niya noong Linggo kaysa noong Sabado?

Gamitin ang pagbabawas upang malaman kung gaano karaming pahayagan ang naipagbili niya noong Linggo kaysa noong Sabado.

$$98 - 52 = \square.$$

Katulad ng pagdaragdag, pwede rin nating gamitin ang pinahabang anyo at ang pinaigsing pamamaraan para malutas ang problema sa pagbabawas.

Pinahabang anyo:

HALIMBAWA 1

$$\begin{array}{r} 98 \rightarrow \text{minuend} = 90 + 8 \\ -52 \rightarrow \text{subtrahend} = \underline{50 + 2} \\ \rightarrow \text{difference} = \underline{40 + 6} \\ = 46 \end{array}$$

Mga Hakbang

1. Isulat ang mga bilang na nakahanay.
2. Isulat ang pinahabang anyo.
3. Ipagbawas ang tig-iisa.
4. Ipagbawas ang tig-sasampu.
5. Ipagdagdag ang kabuuan ng difference ng tig-sasampu at tig-iisa.

Mayroong 46 na pahayagan ang naipagbili noong Linggo kung ikukumpara noong Sabado.

Tandaan ang mga bahagi ng ekwasyon ng pagbabawas:

- ◆ Ang minuend ay ang bilang na binabawasan
- ◆ Ang subtrahend ay ang bilang na binabawas mula sa *minuend*
- ◆ Ang sagot sa pagbabawas ay tinatawag na *difference*.

HALIMBAWA 2

Si Lucy ay isang manggagawa sa isang pabrika ng tela. Siya ay naghatid ng kabuuang 544 na damit noong Nobyembre at 320 damit noong Oktubre. Ilang damit ang naihatid niya noong Nobyembre kaysa noong Oktubre?

Gamitin ang pagbabawas upang malaman ang difference ng inihatid niya sa mga buwan ng Oktubre at Nobyembre. $540 - 320 = \square$. Gamitin ang pinahabang anyo:

$$\begin{array}{r} 544 \rightarrow \text{minuend} = 500 + 40 + 4 \\ -320 \rightarrow \text{subtrahend} = \frac{300 + 20 + 0}{200 + 20 + 4} \\ = 224 \end{array}$$

Mga Hakbang

1. Isulat ang mga bilang na nakahanay.
2. Isulat ang pinahabang anyo.
3. Ipagbawas ang tig-iisa.
4. Ipagbawas ang tig-sasampu.
5. Ipagbawas ang tig-iisang daan.
6. Ipagdagdag ang kabuuan ng difference ng tig-iisa, tig-sasampu at tig-iisang daan.

Mayroong 212 na karagdagang naihatid noong Nobyembre kaysa Oktubre.



Subukan Natin Ito

1. Ipagbawas ang mga sumusunod gamit ang pinahabang anyo. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

$$\begin{array}{r} \text{a. } 75 \\ - 42 \\ \hline \end{array}$$

Solusyon:

$$\begin{array}{r} 75 = 70 + 5 \\ -42 = 40 + 2 \\ \hline 30 + 3 \\ = 33 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 2. \quad 768 \\ - 425 \\ \hline \end{array}$$

Solusyon:

Solusyon:

$$\begin{array}{r} 3. \quad 175 \\ - \quad 62 \\ \hline \end{array}$$

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sumusunod:

$$\begin{array}{r} 2. \quad 768 = 700 + 60 + 8 \\ - 425 = -400 + 20 + 5 \\ \hline = 300 + 40 + 3 \\ = 343 \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 3. \quad 175 = 100 + 70 + 5 \\ - 62 = - \quad 60 + 2 \\ \hline = 100 + 10 + 3 \\ = 113 \end{array}$$

Ngayon, alamin naman natin kung paano ang pagbabawas ng walang pagpapangkat na ginagamitan ng maikling pamamaraan. Gamitin natin ang halimbawa sa pahina 24.

Maikling pamamaraan:

HALIMBAWA 1 Hanapin ang difference ng 98 at 52.

Hakbang 1	Hakbang 2	Hakbang 3	Hakbang 4
Isulat ang mga bilang na nakahanay.	Ipagbawas ang tig-iisa.	Ipagbawas ang tig-sasampu.	Iwasto ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng pagdaragdag.
$\begin{array}{r} 98 \\ - 52 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} 98 \\ - 52 \\ \hline 6 \end{array}$	$\begin{array}{r} 98 \rightarrow \text{minuend} \\ - 52 \rightarrow \text{subtrahend} \\ \hline 46 \rightarrow \text{difference} \end{array}$	$\begin{array}{r} 46 \rightarrow (\text{difference}) \\ + 52 \rightarrow (\text{subtrahend}) \\ \hline 98 \rightarrow (\text{minuend}) \end{array}$

Ang difference ng 98 at 52 ay 46.

HALIMBAWA 2

Ipagbawas: $544 - 320 = \square$

Hakbang 1	Hakbang 2	Hakbang 3	Hakbang 4	Hakbang 5
Isulat ang mga bilang na nakahanay.	Ipagbawas ang tig-iisa.	Ipagbawas ang tig-sasampu.	Ipagbawas ang tig-iisang daan.	Iwasto ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng pagdaragdag.
$\begin{array}{r} 544 \\ -320 \\ \hline \end{array}$	$\begin{array}{r} 544 \\ -320 \\ \hline 4 \end{array}$	$\begin{array}{r} 544 \\ -320 \\ \hline 24 \end{array}$	$\begin{array}{r} 544 \rightarrow \text{minuend} \\ -320 \rightarrow \text{subtrahend} \\ \hline 224 \rightarrow \text{difference} \end{array}$	$\begin{array}{r} 224 \rightarrow \text{difference} \\ -320 \rightarrow \text{subtrahend} \\ \hline 544 \rightarrow \text{minuend} \end{array}$

$544 - 320 = \square 224$

Pansinin na upang iwasto ang iyong sagot sa pagbabawas, ipagdagdag ang difference at ang subtrahend. Kung ang kabuuan ay katumbas ng minuend, tama ang iyong sagot.



Subukan Natin Ito

Ipagbawas ang mga sumusunod na ginagamit ang maikling pamamaraan. Iwasto ang iyong sagot at isulat ito sa kahon. Ipakita ang iyong solusyon.

1. $46 - 12 = \square 34$

Tingnan kung tama ang sagot:

$$\begin{array}{r} 46 \\ -12 \\ \hline 34 \end{array} \quad \begin{array}{r} 34 \\ +12 \\ \hline 46 \end{array}$$

2. $168 - 45 = \square$

Tingnan kung tama ang sagot:


3. $859 - 217 = \square$

Tingnan kung tama ang sagot:

4. $517 - 305 = \square$

Tingnan kung tama ang sagot:

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.



Alamin Natin

Pagbabawas ng mga Bilang Nang may Pagpapangkat

Si Arnel ay tumutulong sa kanyang ama sa pagtitinda ng mga prutas sa palengke. Isang Sabado, bumili sila ng 153 mangga upang ipagbili. Pagkauwi nila sa bahay, mayroong natirang 24 na mangga. Ilang mangga ang kanilang naipagbili?

Ipagbawas ang bilang ng mga natirang mangga mula sa kabuuang bilang ng manggang dinala sa palengke upang malaman kung ilang mangga ang naipagbili. $153 - 24 = \square$

Ipagbawas natin ito na gamit ang pinahabang anyo.

HALIMBAWA 1

HAKBANG 1 Isulat ang bilang na nakahanay at isulat ang mga ito sa pinahabang anyo.

$$\begin{array}{r} 153 = 100 + 50 + 3 \\ - 24 = - \quad 20 + 4 \\ \hline \end{array}$$

HAKBANG 2 Ipagbawas ang tig-iisa.

$$\begin{array}{r} 40 \\ 153 = 100 + \cancel{50} + 3 \\ - 24 = - \quad 20 + 4 \\ \hline 9 \end{array}$$

- ◆ Ipagbawas: 3–4 ay hindi posible dahil hindi natin maaaring ibawas ang malaking bilang mula sa maliit na bilang.
- ◆ Ipangkat ang 10 mula sa 50 sa lugar ng tig-iisa upang ang 3 ay maging 13 at ang 50 ay maging 40.
- ◆ Ipagbawas: $13 - 4 = 9$.

HAKBANG 3 Ipagbawas ang tig-sasampu.

$$\begin{array}{r} 40 \\ 153 = 100 + \cancel{50} + 3 \\ - 24 = - \quad 20 + 4 \\ \hline 20 + 9 \end{array}$$

- ◆ Ipagbawas: $40 - 20 = 20$.

HAKBANG 4 Ipagbawas ang tig-iisang daan.

$$\begin{array}{r} 40 \\ 153 = 100 + \cancel{50} + 3 \\ - 24 = - \quad 20 + 4 \\ \hline 100 + 20 + 9 \end{array}$$

- ◆ Ibaba ang 100.

HAKBANG 5 Ipagdagdag ang lahat ng kabuuan ng tig-iisa, tig-sasampu at tig-iisang daan sa lugar ng tig-iisang daan.

$$\begin{array}{r} 153 = 100 + \overset{40}{50} + \overset{1}{3} \\ -24 = - \quad 20 + 4 \\ \hline 100 + 20 + 9 \\ = 129 \end{array}$$

Si Arnel at ang kanyang ama ay nakapagbilli ng 129 na mangga.

HALIMBAWA 2

Hanapin ang difference ng $935 - 478 = \boxed{}$.

HAKBANG 1 Isulat ang mga bilang sa hanay at isulat ang mga ito sa pinahabang anyo.

$$\begin{array}{r} 935 = 900 + 30 + 5 \\ -478 = -400 + 70 + 8 \\ \hline \end{array}$$

HAKBANG 2 Ipagbawas ang tig-iisa.

